



## WORD

*Panginoon, kayo'y makapangyarihan at karapat-dapat na purihin. Ang inyong kadakilaan ay hindi kayang unawain. MGA SALMO 145:3*

(Basahin din ang **MGA SALMO 145**.)

---

Sa salmong ito, pinuri ni David ang Diyos sa Kanyang kadakilaan. Ginamit ni David ang mga salitang “hindi kayang unawain” upang ipahayag ang walang hanggang kaalaman at kapangyarihan ng Diyos. Ang kadakilaang ito ay higit pa sa anumang kayang intindihin ng isipan ng tao. Subalit kahit hindi Siya kayang maintindihan ng ating isipan, kaya Siyang mahal in ng ating mga puso. Sinabi ni David na ang nararapat na tugon sa kadakilaan ng Diyos ay ang purihin Siya. Sa araling ito, ating titignan kung paano natin ito magagawa. Maaari tayong magbulay-bulay, magpasalamat, at maghayag ng Kanyang kadakilaan.

## 1 Pagbulay-bulayan ang kadakilaan ng Diyos.

*Pagbubulay-bulayan ko ang inyong kadakilaan at kapangyarihan, at ang inyong kahanga-hangang mga gawa. MGA SALMO 145:5*

Sa Kanyang kadakilaan, ibinigay ng Diyos sa Kanyang mga anak ang pribilehiyo na mamuhay kasama Siya. Ibinigay Niya sa atin ang Kanyang Salita at Siya ay kumikilos upang masulyapan natin ang Kanyang kadakilaan. Biniyayaan Niya tayo ng kawalang-hanggan upang patuloy natin Siyang makilala. Gaya ni David, dapat tayong magbulay-bulay sa Kanyang Salita at karangalan, at magsaya sa Kanyang presensiya habang ipinakikilala Niya ang Kanyang sarili sa atin. Ano ang ibig sabihin ng pagbubulay-bulay sa Kanyang Salita araw at gabi (Josue 1:8)? Paano nito mapalalakas ang ating relasyon sa Diyos?

---

---

---

---

## 2 Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang Kadakilaan.

*Pasalamatan kayo, Panginoon, ng lahat ng inyong nilikha; pupurihin kayo ng inyong mga tapat na mamamayan.*

**MGA SALMO 145:10**

Sa tuwing ipinapakita ng Diyos ang Kanyang kadakilaan kay David, kinagagalakan at pinupuri niya ang pangalan ng Diyos. Naintindihan ni David ang kahalagahan at pribilehiyo na ibinigay ng Diyos sa atin upang makapiling Siya at mamuhay kasama Niya. Dapat tayong magpasalamat sa kabutihan ng Diyos na nagbibigay sa atin ng pagkakataon na maranasan ang Kanyang kadakilaan at tawagin Siya bilang ating Ama (Mga Taga-Roma 8:15). Ano ang labis mong ipinagpapasalamat?

.....

.....

.....

.....

## 3 Ipamalita ang kadakilaan ng Diyos.

*<sup>6</sup>Ipamalita ng mga tao ang inyong kapangyarihan at kahanga-hangang mga gawa, at ipamamalita ko rin ang inyong kadakilaan. . . . <sup>21</sup>Pupurihin ko kayo, Panginoon! Ang lahat ng nilikha ay magpupuri sa inyo magpakailanman. **MGA SALMO 145:6,21***

Tumugon si David sa kadakilaan ng Diyos sa pamamagitan ng paghahayag ng Kanyang kaluwalhatian at pagpupuri sa Kanyang pangalan. Alam Niya na ang kadakilaan ng Diyos ay hindi niya kayang kimkimin sa kanyang sarili. Gaya nito, ang ating tugon ay dapat na pagpuri at pamamalita ng Kanyang pangalan magpakailanman. Dapat nating ibahagi ang pagmamahal ni Jesus sa mga naliligaw ng landas at ang Kanyang kagustuhan na iligtas sila. Bakit mahalaga na ihayag sa iba ang kadakilaan ng Diyos? Paano mo natutunang gawin ito?

.....

.....

.....

.....

## APPLICATION

- Isipin ang pang-araw-araw mong gawain. Paano mo magagawang maglaan ng mas malaking oras para pagbulay-bulayan ang Salita ng Diyos? Ano ang isang bagay na ipinapangako mong gagawin sa ibang pamamaraan simula ngayon?
- Gumawa ng talaan ng mga dakilang katangian ng Diyos. Paano mababago ng pagkaunawa sa kadakilaan ng Diyos ang pananaw mo sa mga sitwasyon sa iyong buhay?
- Kanino mo magagawang ihayag ngayong linggo ang karangalan at kadakilaan ng Diyos?

## PRAYER

- Pasalamatang ang Diyos sa Kanyang kadakilaan. Pasalamatang Siya para sa mga ginawa Niya para sa iyo at sa pagkakataon na maging bahagi ng Kanyang mga plano.
- Ipanalangin na sa iyong pagbabasa at pagbubulay-bulay sa Kanyang Salita, ang iyong pag-iisip ay magbago. Hingin ang Kanyang presensiya at gabay araw-araw.
- Ipanalangin ang katapangan at pagkakataon upang maihayag ang kadakilaan ng Diyos at upang maipangaral ang ebanghelyo sa iba.



**VICTORY**

© 2017 by VICTORY®  
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®  
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot  
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.  
[victory.org.ph](http://victory.org.ph)